| MATATAG K to10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | Visit DepEdResources.com for More | Baitang: | 4 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | GMRC |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | AUGUST 5 - 9, 2024 (WEEK 2) | Markahan: | 1 |

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa mga sariling gawi ng mabuting pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga sariling gawi ng mabuting pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya na nagpapanatili ng masaya at matatag na samahan bilang tanda ng pagiging matapat. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Nakapagsasanay sa pagiging matapat sa pamamagitan ng angkop na paglalahad ng tunay na saloobin sa mga kasapi ng pamilya**<br>1. Nakakikilala ng mga sariling gawi ng mabuting pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya<br>2. Napangangatuwiranan na ang mga sariling gawi ng mabuting pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya ay tungkulin at pananagutan ng bawat isa tungo sa masaya at matatag na samahan<br>3. Naisasakilos ang mga sariling gawi ng mabuting pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya na nagpapanatili ng masaya at matatag na samahan |
| **D. Nilalaman** | Mga Sariling Gawi ng Mabuting Pakikitungo sa mga Kasapi ng Pamilya<br>1. Pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya at ang kahalagahan nito<br>2. Epekto ng mabuting gawi ng pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya |
| **E. Lilinanging Pagpapahalaga** | Matapat *(Honest)* |
| **F. Integrasyon** | *Positive Relationships of Families* |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Del Castillo, F. A. (2013). Teaching Values Using Creative Strategies. Quezon City: Great Books Publishing

Department of Education (n.d.). MATATAG Curriculum: Good Manners and Right Conduct (GMRC) (Baitang 1-6) Values Education (VE) (Baitang 7-10)

*Family Interaction Definition | Law Insider*. (n.d.). Law Insider. https://www.lawinsider.com/dictionary/family-interaction

Limited, A. (n.d.). *Hand Drawn Family cooking together in the kitchen illustration in doodle style isolated on background.* Alamy Images. https://www.alamy.com/hand-drawn-family-cooking-together-in-the-kitchen-illustration-in-doodle-style-isolated-on-background-image515370808.html

*Family Cleaning Together Stock Illustration 273388073 | Shutterstock.* (n.d.). Shutterstock. https://www.shutterstock.com/image-illustration/family-cleaning-together-273388073


Medriano, N.S. and Sagun, D.C. (n.d.) Lingguhang aralin sa GMRC 4 quarter 1: week 1 sy 2023-2024. Bureau of Learning Resources, Department of Education

*Positive relationships for families: how to build them.* (2023, July 4). Raising Children Network. https://raisingchildren.net.au/grown-ups/family-life/routines-rituals-relationships/good-family-relationships

Raina, K. (2024, February 8). *Importance of having a good family relationship.* FirstCry Parenting. https://parenting.firstcry.com/articles/family-relationship-importance-and-how-to-build-healthy-relationships/

Villanueva, V. M. (2018). #ABKD (AKO BIBOKASE DAPAT). Makati City: VMV11483 Book Publishing House

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**Maikling Balik-aral**<br><br>**PAGSUSURI NG SITUWASYON**. Paano mo maipapakita ang iyong kakayahang mag- isip at magmahal ng tao sa mga situwasyong ito?<br><br>1. Ikaw ay inutusan ng magulang mo na tulungan ang iyong bunsong kapatid na gumawa ng kaniyang takdang-aralin ngunit ikaw rin ay mayroong proyektong gagawin para sa iyong pag-aaral. Paano ka gagawa ng pagpapasiya?<br><br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>2. Ang iyong kamag-aral ay umiiyak. Kinausap mo siya at sinabi niya na baka siya ay tumigil na sa pag-aaral dahil wala nang tutulong sa kaniya. Paano mo uunawain ang kaniyang damdamin?<br><br>________________________________________<br>________________________________________ | Balikan ang nakaraang aralin. Hikayatin ang mag-aaral na magbahagi ng kanilang mga sagot. Maaaring pumili ng kapareha ang mag-aaral at ibahagi ang kani-kanilang sagot. Pagkatapos, pumili ng 2-<br>3 mag-aaral upang magbahagi sa buong klase. Iproseso ang kanilang mga pagpapahalagang natutuhan. |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**SURI-LARAWAN.** Suriin ang larawan sa unang hanay at sagutin ang tanong: Ano ano ang napapansin mo sa mga larawan? Magbigay ng 2-<br>3 pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa ikalawang hanay.<br><br><br><br>**Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>1. Sino-sino ang bumubuo ng pamilya?<br>______________________________<br>2. Mahal mo ba ang bawat kasapi ng iyong pamilya? Bakit?<br>______________________________<br>3. Paano mo naipakikita ang pagmamahal mo sa bawat isa sa kanila?<br>______________________________<br>4. Mahalaga ba ang pagiging matapat sa pamilya? Bakit?<br>______________________________ | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Pakikitungo sa mga Kasapi ng Pamilya at ang Kahalagahan Nito**<br><br>**Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Ang pakikitungo sa pamilya ay nangangahulugang isang proseso na ginagamit upang mapanatili ang ugnayan sa mga kapatid, magulang, pamilya, at iba pang mga indibidwal. Ang pakikitungo ay nagbibigay-daan sa mga pamilya na mapanatili ang koneksyon at pagpapahusay ng samahan kung saan ang mga pamilya ay maaaring magkaroon ng pagkakataon upang matuto, mag-ensayo, at ipakita ang mga bagong asal at pamamaraan sa pakikipag-ugnayan. | **Kaugnay na Paksa 1**<br>Ang layunin ng paksang ito ay upang maunawaan ng mag- aaral kung ano ang ibig sabihin ng pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya at ang kahalagahang nito. Mahalagang maunawaan ng mag-aaral na ang malusog na ugnayan sa pamilya ay maaaring makatulong sa pagpapalalim ng |

Ang mabuting o positibong pakikitungo sa bawat kasapi ng pamilya ay mahalagang bahagi ng matibay na pamilya. Ang matatag na pamilya ay umuunlad mula sa pagmamahal, seguridad, komunikasyon, koneksyon – at ilang mga patakaran at nakagawian. Mahalaga na panatilihin at pag-ibayuhin ang mabuti o positibong pakikitungo o relasyon ng bawat miyembro ng pamilya dahil ito ay:

a. nakatutulong sa bawat kasapi ng pamilya, lalong-lalo na sa mga bata na maramdaman ang seguridad at pagmamahal na nagbibigay sa kanila ng kumpiyansa na galugarin ang kanilang mundo, subukan ang bagong mga bagay, at mag-aral.

b. pinapadali para sa pamilya na malutas ang mga suliranin, pagtugma sa mga pagtatalo, at igalang ang mga pagkakaiba ng opinyon.

c. binibigyan ang mga bata ng mga kasanayan na kailangan nila upang maunawaan at palakasin ang malusog at matatag na relasyon.

d. maaaring mag-udyok sa mga bata na magpamalas ng mataas na moral ng katangian sa pamamagitan ng pagtatatag ng kanilang kaalaman sa tama at mali.

**Pinatnubayang Pagsasanay**

**TAMA O MALI.** Isulat ang **Tama** kung ang situwasyon ay nagpapakita ng pagkilala ng mga sariling gawi ng mabuting pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya at **Mali** naman kung hindi.

__________1. Ipinakilala ni Dino ang kaniyang ina sa kaniyang mga kaibigan nang may ngiti at pagmamalaki.
__________2. Sinigawan ni Beth ang kaniyang tiya Susan nang hindi nya napanood ang aralin sa TV na handog ng DepEd.
__________3. Bukal sa loob na tinulungan ni Dessa ang kaniyang ama sa pagbubuhat ng mga panggatong na kahoy.
__________4. Nagtago sa loob ng bahay si Ana nang marinig niya ang utos ng kaniyang kuya.
__________5. Hinintay na lamang ni Ben na matapos ang pinanonood ng kaniyang bunsong kapatid saka siya nanood naman ng kaniyang paboritong palabas sa *Youtube*.

emosyonal na pakikipag- ugnayan na maaaring magbigay daan sa pagtataguyod ng mga damdaming empatiya at pagmamalasakit.


**Mga tamang sagot:**

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Mali
5. Tama
6. Tama
7. Mali
8. Mali
9. Tama
10. Mali

| | | |
|---|---|---|
| | ________6. Sumasagot kaagad si Mel kapag tinatawag siya ng kaniyang lolo.<br>________7. Sinisigawan ni Ken ang kaniyang nakababatang kapatid kapag nakikipaglaro ito sa kaniya.<br>________8. Hindi ako nagmamano sa aking lola kapag hindi niya ako binibigyan ng pera.<br>________9. Inaabutan ko ng malamig na tubig sina nanay at tatay pagkagaling nila sa bukid.<br>________10. Hindi ko pinapansin ang bilin ng aking mga magulang dahil paulit-ulit lang ito.<br><br>**Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**#SURINAWA. Pagsusuri at Pag-unawa, Marapat Pagtagpuin at Hindi Paghiwalayin**<br>Sagutin ang sumusunod na mga tanong:<br><br>1. Sa inyong pamilya, paaano ka nakikitungo sa iyong:<br>a. mga magulang? ________________________________________<br>________________________________________<br>b. mga kapatid? ________________________________________<br>________________________________________<br>c. iba pang kasapi ng iyong pamilya? ________________________________________<br>________________________________________<br><br>2. Para sa iyo, ang pakikitungo ba sa mga kasapi ng pamilya ay isang tungkulin at pananagutan? Bakit?<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>**IKATLONG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 2: Epekto ng Mabuting Gawi ng Pakikitungo sa mga Kasapi ng Pamilya**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Ang ating mga pamilya ay may malalim na epekto sa ating buhay na humuhubog sa ating pag-unlad, mga halaga, at mga relasyon. Kaya, kinakailangang panatilihin ang mabuting gawi sa pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya dahil ito ay nagbibigay ng | **Kaugnay na Paksa 2**<br>Ang paksang ito ay naglalayon na mabigyang-halaga ng mag- aaral ang kahalagahan ng mabuting gawi ng pakikitungo |

| | | |
|---|---|---|
| | masaganang **benepisyo o positibong epekto** hindi lamang sa pamilya kundi maging sa lipunan na ating kinabibilangan.<br><br>1. Pag-unlad ng Karakter at Moralidad<br>Ang pag-unlad ng karakter at moralidad sa kabataan ay itinuturing bilang isa sa mga pangunahing aspekto ng sosyalisasyon.<br><br>2. Personal na Kagalingan at Emosyonal na Paglago<br>Nag-aambag ang mga kasapi ng pamilya sa personal na kagalingan ng bawat isa. Sa panahon na nakararanas na tayo ng mahirap na mga situwasyon, nauunawaan natin na ang pagmamahal at pang-unawa ng ating pamilya ang pinakamahalagang bagay sa mundo.<br><br>3. Pagiging Responsable<br>Ang pundasyon ng pamilya ay may iba't ibang likas na mga tungkulin. Sa bawat kasapi ng pamilya na nagtutupad ng kanilang mga obligasyon, nakikinabang ang buong pamilya dito, kaya't lumalakas ito.<br><br>4. Marunong Makiramay, Maawain, at Mapagmalasakit<br>Isa sa pinakamahirap na bagay na sinusubukang maipamalas ng mga tao sa kanilang buhay ay ang damdamin ng emosyonal na pag-unawa para sa iba. Ang pamilya ay nagbibigay ng mahusay na kapaligiran para sa pagpapaunlad ng napakahalagang katangiang personal na damdamin ng emosyonal na pagdamay at pagmamalasakit.<br><br>Sa pangkalahatan, ang epekto ng mabuting gawi sa pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya ay: nagpapalakas sa emosyonal at intelektwal na pag-unlad; tumutulong sa paglago ng ugali at sikolohikal na pag-unlad; nakakatulong sa madaling paglutas at paglalampasan ng mga tunggalian: at nakatutulong sa pagpapalakas ng pakiramdam ng responsibilidad.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**ANGKOP NA SITUWASYON.** Piliin ang siyam na situwasyon na nagpapakita ng mga pangangatuwiranan na ang mga sariling gawi ng mabuting pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya ay tungkulin at pananagutan ng bawat isa tungo sa masaya at matatag na samahan. Markahan ng tsek (/) ang mga napiling sagot. | sa mga kasapi ng pamilya at ito ay maisabuhay nila araw-araw.<br>Mahalagang maunawaan ng mag-aaral ang epekto o benepisyo nito sa hinaharap kung ito'y isasabuhay nila.<br>Mahalaga ang masusing pagproseso sa bawat konsepto at pagpapahalagang tatalakayin.<br><br>**Mga tamang sagot:** 1, 3, 4, 5, 6, 7, 8, 9, 10 |

| | | |
|---|---|---|
| | _______1. Ang pagkakaroon ng masaya at matatag na samahan sa loob ng pamilya ay indikasyon ng pagkakaroon ng respeto at pagpapahalaga sa kanilang mga damdamin.<br>_______2. Hindi dapat kilalanin at intindihin ang mga pagkakaiba-iba ng bawat isa sa pamilya.<br>_______3. Maglaan ng oras upang magbigay-pansin sa mga pangangailangan at kagustuhan ng bawat isa. Ito ay nagpapakita ng pag-aalala at pagmamalasakit.<br>_______4. Tanggapin ang bawat isa sa kabila ng kanilang mga kahinaan at imperpeksyon. Ang pagtanggap ay nagpapalakas ng ugnayan sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya.<br>_______5. Maging handa na tumulong at mag-alaga sa mga kasapi ng pamilya, lalo na sa mga oras ng kagipitan o pagkakasakit.<br>_______6. Magkaroon ng kakayahan na magpatawad at mag-*move on* mula sa mga pagkukulang o hindi pagkakaintindihan.<br>_______7. Sa mga pagkakataong may mga hindi pagkakasundo, hanapin ang paraan para magkaroon ng pagkakaunawaan sa pamamagitan ng mahinahon at konstruktibong usapan.<br>_______8. Ipakita ang malasakit sa pisikal, emosyonal, at mental na kalusugan ng bawat miyembro. Maaaring ito ay sa pamamagitan ng pagtanong kung kumusta sila o pag-aalok ng tulong.<br>_______9. Magbahagi ng oras, kasanayan, at mga kaalaman sa mga gawain at proyekto sa loob ng pamilya. Ito ay nagpapakita ng pagkakaisa at pagtutulungan.<br>_______10. Ang pagpapakita ng tunay na pagmamahal sa bawat isa ay pangunahing aspekto ng gawaing pang-unawa.<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**#SURINAWA. Pagsusuri at Pag-unawa, Marapat Pagtagpuin at Hindi Paghiwalayin**<br>Sagutin ang mga sumusunod na tanong:<br><br>1. Sa iyong pamilya, maituturing ba na tungkulin at pananagutan ang magandang gawi sa pakikitungo sa bawat isa? Bakit?<br>________________________________________________________________ | |

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Sa pagtupad mo ng iyong sariling mga tungkulin, ano ang epekto nito sa iyo? Ipaliwanag ang iyong sagot.<br>________________________________________ | |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br><br>Isulat sa alinmang bahagi ng bahay ang lahat ng mga kailangang gawin ng isang batang katulad mo upang magkaroon ng masaya at matatag na samahan sa iyong pamilya.<br><br><br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br><br>**Kumpletuhin ang Pangungusap**. Basahin ang sumusunod na mga pangungusap at kumpletuhin ang mga ito batay sa iyong natutuhan sa araling ito.<br><br>1. Ang pagiging matapat sa paggawa o pagtupad ng mabuting gawi sa pakikitungo sa bawat kasapi ng aking pamilya ay ______________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br><br>2. Simula ngayon, upang mapanatiling masaya at matatag ang samahan ng aking pamilya, sisikapin kong ______________________________<br>________________________________________<br>________________________________________ | |

**IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY**

**MGA TALA sa GURO**

## A. Pagtataya

**Pagsusulit**

**Enumerasyon.** Sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang sagot sa loob ng kahon.

1-3. Magbigay ng tatlong kahalagahan ng pakikitungo sa bawat kasapi ng pamilya. 4-6. Ibigay ang mga epekto ng mga ito.

| Tatlong Kahalagahan ng Pakikitungo sa Bawat Kasapi ng Pamilya | Epekto |
|---|---|
| 1. | 4. |
| 2. | 5. |
| 3. | 6. |

**Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**
**#DYORNAL. Ibahagi ang Detalye ng Sarili at Saysay ng Pangyayari**
Sumulat ng personal na reaksyon, opinyon, o suhestiyon sa pinag-aralang paksa. Gawin ang gabay na ito sa pagsusulat ng iyong dyornal:

Unang talata – Maikling buod ng iyong natutuhan mula sa aralin.
Ikalawang talata – Batay sa iyong mga natutuhan, paano ito nakakaapekto sa iyong pag-iisip, damdamin, o pananaw bilang isang mag-aaral?

Mga inaasahang sagot:

- nakatutulong sa bawat kasapi ng pamilya, lalong-lalo na sa mga bata na maramdaman ang seguridad at pagmamahal na nagbibigay sa kanila ng kumpiyansa na galugarin ang kanilang mundo, subukan ang bagong mga bagay, at mag-aral.
- pinapadali para sa pamilya na malutas ang mga suliranin, pagtugma sa mga pagtatalo, at igalang ang mga pagkakaiba ng opinyon.
- binibigyan ang mga bata ng mga kasanayan na kailangan nila upang maunawaan at palakasin ang malusog at matatag na relasyon.
- maaaring mag-udyok sa mga bata na magpamalas ng mataas na moral ng katangian sa pamamagitan ng pagtatag ng kanilang kaalaman sa tama at mali

<table>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito ididokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.</td></tr>
</table>